


NAGSASALITA ANG MAYLALANG



Aralin 1 para sa ika-3 ng Oktubre, 2026



"Ang Dios, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan." (Hebreo 1:1-2)

Nakipag-usap ka na ba ng *direkta* sa Dios? Narinig mo na ba ang Kanyang salita? Ang halatang sa got ay: “Hindi.”

Maaari lang tayong makipag-usap sa Dios sa pamamagitan ng hindi direktang paraan (panalangin, ang Biblia, mga propeta, ...)

Ano ang dahilan bakit hindi natin kayang makipag-usap ng deretsahan sa Dios? Ganito ba talaga mula pa noong simula? Magagawa ba natin ito?



1

Paano ang orihinal na pakikipag-usap ng Dios sa tao?

2

Paano tumigil ang pakikipag-usap ng tao sa Dios?

3

Paano sinubukan ng Dios na ibalik ang komunikasyon?

4

Bakit hindi tayo direktang nakakapag-usap sa Dios ngayon?

5

Paano tayo makakapag-usap sa Dios ngayon?

PAANO ANG ORIHINAL NA PAKIKIPAG-USAP NG DIOS SA TAO?

"At iniutos ng Panginoong Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan." (Genesis 2:16)



Sa pasimula, ginawa ng Dios ang sanlibutan upang tirahan ng mga tao (Isaias 45:18).

Nang handa na ang lahat, ginawa Nya si Adan mula sa alabok ng lupa (Gen. 2:4-7).

Sa kaparehong araw , ginawa Nya si Eba mula sa mga tadyang ni Adan (Gen. 2:18, 21-22).



Kumpleto na ngayon ang sangkatauhan at handa nang tumira sa bagong likhang sanlibutan (Gen. 1:27).

PAANO ANG ORIHINAL NA PAKIKIPAG-USAP NG DIOS SA TAO?

“At iniutos ng Panginoong Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan” (Genesis 2:16)



Sa prosesong ito, marami ang naging pag-uusap sa pagitan ng Dios at ni Adan:

- Binigyan Nya sya ng tagubilin tungkol sa mga kailangan nyang gawin sa Eden (Gen. 2:15).
- Itinuro Nya ang kanyang mga hangganan (Gen. 2:16-17).
- Hiniling Nyang pangalanan nya ang mga hayop (Gen. 2:19).
- Ipinakilala Nya sya kay Eba, at pinag-isa sila sa kasal (Gen. 2:22-24).

PAANO ANG ORIHINAL NA PAKIKIPAG-USAP NG DIOS SA TAO?

"At iniutos ng Panginoong Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan" (Genesis 2:16)

Tinuruan ng Dios sina Adan at Eba kung paano sila kikilos at kung ano ang kanilang kakainin (Gen. 1:28-29).

Ginawa Nya silang sosyal na pagkatao, na may kakayahang makipag-usap, hindi lang sa kanilang kapareho, ngunit pati sa ibang maybuhay (gaya ng, halimbawa, mga anghel).

At ginawa Niya ang ikapitong araw upang masiyahan sila sa bawat isa sa buong araw.

Mula sa sandaling iyon, nakikipagtagpo Sya sa kanila araw-araw sa buking liwayway (Gen. 3:8).



PAANO TUMIGIL ANG PAKIKIPAG-USAP NG TAO SA DIOS?

“At sinabi niya, Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan, at ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; at ako'y nagtago” (Genesis 3:10)



Nalikha sina Adan at Eba na may kakayahang pumili ng malaya. Upang magamit nila ang kalayaang iyon, ibinigay ng Dios sa kanila ang lahat, ngunit itinalaga ang isang puno para sa Kanya (Gen. 2:16-17).

Sa parehong punong iyon, ang manunukso, nagpanggap na ahas at nagkunwaring gusto ang ikabubuti nina Adan at Eba, ay nagsalita ng ilang kasinungalingan sa kanila (na ipinasa ni Eba kay Adan): ikaw ay imortal (“hindi ka mamamatay”); magiging dios ka (“magiging kagaya ka ng Dios”); itinatago ng Dios ang katotohanan sa inyo (“alam ng Dios iyon...”) (Gen. 3:1-5).



Namangha sa kababalaghan ng ipinagbabawal na prutas, kumain si Eba nito at hinikayat si Adan, na kumain din (Gen. 3:6).

Sa sandaling iyon, ang tela ng kaluwalhatian na tumatabon sa kanila ay nawala; napansin nila ang kanilang kahubaran; at naghanap sila ng solusyon upang itago ang kanilang pagkakamali (Gen. 3:7).



Ang susunod na pagkakamali nila ay masyado silang naging gilti sa pagkakasala nila na ayaw na nilang makipag-usap sa Dios (Gen. 3:8).

PAANO SINUBUKAN NG DIOS NA IBALIK ANG KOMUNIKASYON?

“At tinawag ng Panginoong Dios ang lalake at sa kaniya'y sinabi, Saan ka naroon?” (Genesis 3:9)




Sa pagkaalam na si Adan at Eba ay nagkasala, ang Dios—gaya ng Kanyang nakaugalian—ay lumapit sa kanila upang makipag-usap. Sa unang pagkakataon, sa halip na masayang lumapit upang salubungin Sya, kinailangan ng Dios na tawagin sila (Gen. 3:8-9).

Bagaman ayaw nilang makipag-usap sa Dios, gusto ng Dios na makipag-usap sa kanila. Hindi Sya lumayo sa presensya ng nagkasala, ngunit hinarap sya kasama ng kanyang kasalanan, hinahanap ang pagsisisi nya (Gen. 3:10-11).

Daang taon ang nakalipas, itinuon ng Dios ang Kanyang paningin sa isa na namang makasalanan upang matanggap ang kanyang pagsisisi: Pedro (Lk 22:61-62).

Hindi gaya ni Pedro, na kinilala ang kanyang kasalanan, nagmalinis sina Adan at Eba at sinisi ang iba kaya sila nagkasala (Gen. 3:12-13).



Ngayon, tayong mga tao ay pareho rin ang ginagawa. Hindi tayo lumalayo sa kasalanan at sinusubukang magmalinis sa sarili. Bagaman “dumidikit” sa atin ang kasalanan, nais parin ng Dios na ibalik tayo, at tinatawagan tayo: “Lumapit kayo sa Akin” (Isaias 55:3).



BAKIT HINDI TAYO DIREKTANG NAKAKAPANGUSAP SA DIOS NGAYON?

"Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay" (Genesis 3:24)



Ipinahayag ng Dios sa dalawa ang resulta ng kanilang mga kasalanan, kabilang doon ang hindi na muling pakikipagpusap ng direkta sa Dios paglabas nila sa Eden (Gen. 3:16-24).

Mga resulta para kay:

Eba


- Hirap sa panganganak
- Pagkawala ng pagkapantay kay Adan

Adan

- Magbabanat ng buto
- Magpapatubo ng pagkain

Lahat

- Kamatayan
- Pagkahiwalay sa Dios



Bago sabihin ang mga resulta ng kasalanan, nagpahayag sa kanila ang Dios ng solusyon: isang inapo ni Eba ang tatapos sa kapangyarihan ng diablo at magsasauli sa sangkatauhan (Gen. 3:15).

Sa pamamagitan ng mga propeta, nakipag-usap ang Dios upang maisagawa ang pagtubos: ang Dios mismo ay nagkatawang-tao, nagdusa ng kamatayan dahil sa ating kasalanan, nabuhay muli, at pinagkalooban tayo ng buhay na walang hanggan (Is. 9:6; 53:6, 10-11).

Sa sandaling lumitaw ang kasalanan, ganun din ang pangako ng Tagapagligtas.





PAANO TAYO MAKAKAPANGUSAP SA DIOS NGAYON?

"Sa gayo'y ikaw, anak ng tao, ay inilagay ko na bantay sa sangbahayan ni Israel; kaya't dinggin mo ang salita sa aking bibig, at magbigay alam ka sa kanila sa ganang akin." (Ezekiel 33:7)



Upang makapangusap sa atin ngayon, nagsulat ang Dios ng dalawang "aklat na reperensya": Paglalang, at ang Biblia (Rom. 1:20; 2 Tim. 3:15).

Bagaman nagsasalita sa atin ang Nilikha tungkol sa Manlilikha, ito ay sobrang nasira ng kasalanan. Ang Biblia, sa isang banda, ay naglalaman ng malinaw at direktang gabay, ipinasa ng mga propeta na tumanggap ng mga mensahe mula sa Dios. Sa Biblia, makikita rin natin ang pinakaperpektong pagpapahayag ng Dios sa buhay at paglilingkod ni Jesus (Heb. 1:1-2).



Dito, natutuklasan natin kung sino tayo, saan tayo nanggaling, at saan tayo patungo. Dito natin makikita ang layunin ng Dios sa ating buhay.

Dagdag pa dito, nakikipag-ugnayan ang Dios sa atin sa panalangin (Awit 5:2); mga anghel (Gawa 8:26); mga propeta (Joel 2:28); at, sa espesyal na paraan, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (Juan 14:26).



“Dapat ay may pagtutulungan ng tao at Dios. Ngunit ang planong ito ay nasira ng pagsalangsang ni Adan. Dinala sya ni Satanas sa pagkakasala, at hindi na nakipagusap ang Panginoon sa kanya gaya ng hindi pa sya nagkakasala.

Matapos ang pagbagsak ay naging tagapagturo ni Adan si Kristo. Gumawa Sya bilang kinatawan ng Dios sa sangkatauhan, iniligtas ang lahi mula sa agarang kamatayan. Kinuha Niya ang katungkulan ng tagapamagitan. Binigyan ng probesyon sina Adan at Eba na bumalik sa kanilang katapatan, at sa planong ito ay tinanggap ang kanilang salinlahi.

Kung walang pagtubos ng Anak ng Dios wala ring pagbibigay ng pagpapala o kaligtasan tungo sa tao mula sa Dios. Naninibugho ang Dios para sa karangalan ng Kanyang kautusan. Ang pagsuway sa kautusang iyon ay nagdulot ng paghihiwalay sa pagitan ng Dios at tao. Sa pagiging inosente ni Adan ay binigyan sya ng pakikisama, direkta, malaya, at masaya, sa kanyang Manlilikha. Matapos ang kanyang pagkakasala, kinailangan ng Dios na makipagusap sa kanila sa pamamagitan ni Kristo at mga anghel.”

APENDIX: BIOGRAPHY NI ELLEN G. WHITE



Si Ellen Gould at Elizabeth Harmon, ang bunso sa walong anak nina Eunice at Robert, ay ipinanganak noong Nobyembre 26, 1827 sa Gorham, Maine, USA.

Hindi nagtagal, lumipat ang pamilya sa Portland, isang pangunahing syudad sa Maine, upang palawakin ang kanilang negosyong sombrero.

Nang siyam na taong gulang si Ellen, binato sya ng kaklase nya, na nagdulot ng malubhang pinsala sa kanyang mukha. Ang pinsala ay tumagal sa kanya upang tumigil sya sa pag-aaral at bawasan ang kanyang sosyal na buhay.



Tinanggap ng pamilya ang mga turo ni William Miller, at nabautismohan si Ellen sa Methodist church noong 1842.

Ngunit pakiramdam ni Ellen ay naliligaw parin sya, at naniniwalang hindi sya karapatdapat na maligtas, hanggang tinulungan sya ni Pastor Levi Stockman na maunawaan ang tunay na pag-ibig ng Dios.

Mula sa sandaling yon, napaibig sya ng mainam kay Jesus at naglingkod sa Kanya sa buong buhay nya.

